**Iniaalok ng Superior Mobile Insurance Solutions** sa mga aplikante ang pagpipilian na isagawa ang kanilang mga pagsusuring paramedical sa luwag at ginhawa ng kanilang sariling tahanan o pinagtatrabahuhang lugar, o sa isang kinontratang pasilidad o klinika. Isang propesyonal sa kalusugan, o kaya naman ay isang medikal na doktor sa ilang pag-kakataon, ang mangangasiwa ng pagsusuri na maaaring may kasamang:

- Mga Pagkuha ng Dugo
- Specimen ng ihi
- Presyon ng dugo
- Electrocardiogram (EKG)
- Kasaysayan ng kalusugan
- Taas at Timbang
- Sukat ng balakang at bewang
- Pulso
- Pisikal na pagsusuri
- GoParamed – isang elektronikong pamamaraan ng pagkolekta ng kasaysayang medikal.

Maaaring magsagawa ang Superior Mobile Insurance Solutions ng mga serbisyo sa pagsusuring paramedical sa buong bansa.

Tiyaking madaling makuha ang brochure upang maaari mong punan ang petsa at oras ng iyong pakikipagkita.

Pakisuri ang "Kapaki-pakinabang na Mga Pantulong" bago ang pagsusuri

**APPOINTMENT INFORMATION**

Petsa:______________________________

Oras: ______________________________

Pangalan ng Propesyonal sa Kalusugan:______________________________

Numero ng Propesyonal sa Kalusugan:______________________________

Email ng Propesyonal sa Kalusugan:______________________________

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa iyong pakikipagkita o pagsusuri, mangyaring makipag-ugnay nang direkta sa Superior Mobile Insurance Solutions o sa independiyenteng kontratista.

SUPERIOR
Mobile Insurance Solutions

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Tanggapan ng Kumpanya:**
Telepono 800-898.EXAM (3926)
Fax 888.548.3926
Email: cs@smminsurance.com

**Address ng Kalye**
3838 Camino Del rio N., Suite 250
San Diego, CA 92108

**Post Office**
P.O. Box 639014
San Diego, CA 92163-9014

**Mga Oras ng Serbisyo sa Customer**
Lunes – Biyernes: 6:00 AM – 5:00 PM (PST)

SUPERIOR
Mobile Insurance Solutions

# Paghahanda para sa iyong Pagsusuri

800.898.EXAM (3926)
619.299.3926
Fax 888.548.3926
www.smminsurance.com

# Pagsusuring Paramedical

Bago ibigay ang iyong polisiya, kailangan ng isang kumpanya ng seguro ang impormasyong medikal na tungkol sa iyo, ang aplikante. Kinakalap ng isang sertipikadong propesyonal sa kalusugan ang impormasyong ito sa panahon ng pagsusuring paramedical. Kabilang sa pagsusuring paramedical ang ilang mga katanungan tungkol sa iyong kasaysayang medikal, iyong taas at timbang, pulso at presyon ng dugo. Bilang karagdagan, maaaring kolektahin ang isang specimen ng ihi at sample ng dugo. Karaniwang inaabot ng 30-45 minuto upang makumpleto ang pagsusuri.

Makikipag-ugnayan sa iyong ang isang independiyenteng kontratistang paramedical upang mag-iskedyul ng pakikipagkitang pinakamaginhawa para sa iyo. Maaaring maganap ang pakikipagkitang ito sa iyong tahanan, tanggapan, o anumang iba pang naaangkop na lugar.

**Impormasyon sa Kasaysayang Medikal**
Mangyaring maging handa upang sagutin ang mga tanong tungkol sa kasaysayang medikal ng iyong pamilya. Tatanungin ka ng propesyonal sa kalusugan tungkol sa iyong mga karamdaman, operasyon, eksaminasyon at mga pagsusuring pinagdaanan mo gayundin ang anumang nakaraang kasaysayan ng mga paglunas at panggagamot. Kakailanganin mong ibigay ang sumusunod:

•Pangalan/Address ng anumang Doktor/Hospital
•Petsa at pakay ng pagpapatingin
•Pagsusuri
•Mga Paglunas/Therapy
•Mga Panggagamot

Ang lahat ng impormasyong ibinibigay sa mga propesyonal sa kalusugan ay mahigpit na pinapanatiling kumpedensyal. Maipapasa ito sa pangunahing tanggapan ng kumpanya ng seguro at gagamitin para sa mga layuning pagseguro lamang.

**Karaniwang Mga Katanungan**
*Bakit ako?* Isa itong regular na bahagi ng iyong application sa seguro.

*Magkano ito?* Ginaganap ang pagsusuring ito nang walang bayad para sa iyo. Binabayaran ng kumpanya ng seguro ang lahat ng mga gastos.

# Mga Pagsusuri sa Dugo

Kung kinakailangan ang isang pagsusuri sa dugo, ang isterilisadong mga materyal na ginagamit ay ibinibigay sa isang blood kit na maaaring itapon pagkagamit, at ginamit lamang ng isang beses. Ang sertipikadong propesyonal sa kalusugan ang magbubukas ng selyadong kit at isterilisadong karayom sa harap mo.

Nagbibigay ang mga pagsusuri sa dugo ng mahalagang impormasyon na ginagamit ng kumpanya ng seguro sa proseso ng pagseguro. Isinasagawa ang isang malawak na mga pagsusuri sa lab ng isang laboratoryo na magpapadala ng mga resulta sa pangunahing tanggapan ng kumpanya ng seguro.

Depende sa mga kailangan ng kumpanya ng seguro, maaaring hilingin sa iyong huwag kumain ng ilang oras bago ang pagkuha ng dugo. Abisuhan ang independiyenteng kontratista kung nakaranas ka na ng pagkahimatay, pagkahilo o pagpapasa habang kinukuha ang iyong dugo, o kung umiinom ka ng mga pampalabnaw ng dugo o mataas na dosis ng aspirin. Mangyaring uminom ng isang malaking baso ng tubig bago ang pagsusuri. Hihilingin naming lumagda ka ng isang pahintulot na pumapayag na makuha ang dugo at specimen ng ihi.

# Mga Karagdagang Kahingian

Maaaring kailanganin ang mga karagdagang kahingian ng kumpanya ng seguro bilang karagdagan sa pagsusuring paramedical. Ipapaalam sa iyo ng independiyenteng kontratista o ng Superior Mobile Insurance Solutions kung kailangan ang mga ganoong hinihingi. Maaaring kasama sa mga kahingiang ito ang isang pagsusuri **ng isang lisensyadong doktor, resting electrocardiogram (EKG), Treadmill (stress test), Timed Vital Capacity (TVC), o chest X-Ray.**

# Paghahanda para sa iyong Pagsusuri

Nasa ibaba ang ilang tip upang maiwasang magkaroon ng mga artipisyal na mataas na pagbasa sa presyon ng dugo/pulso at upang matiyak ang pinakamuhsay na mga resulta sa pagsusuri.

- Sundin ang Mga Tagubilin sa Pag-aayuno – Karamihan sa Mga Kumpanya ng seguro ay humihingi ng 6-8 oras ng pag-aayuno.
- Uminom ng isang malaking baso ng tubig 1 oras bago ang iyong pagsusuri upang madali kang makapagbigay ng specimen ng ihi.
- Magpahingang mabuti bago ang pagsusuri at subukang iiskedyul ang iyong pakikipagkita para sa oras ng araw na pinaka hindi nakakapagod sa iyo.
- Regular na uminom ng gamot na inireseta ng doktor.
- Gumawa ng listahan ng lahat ng iyong kasalukuyang gamot at dalhin ang mga ito sa pagsusuri. Tiyaking kasama ang dosis, dalas ng inom at pangalan ng nagresetang doctor upang makatipid ng oras sa panahon ng pagsusuri.
- Maghanda ng I.D. na may larawan (mas maganda ang isang driver's license).
- Magsuot ng maluwag na damit, damit na may maikling manggas, o damit na may mahabang manggas na madaling maitutupi.
- Iwasan ang pag-inom ng mga inuming may alkohol sa loob ng hindi bababa sa 8 oras bago ang pagsusuri.
- Iwasan ang anumang anyo ng sigarilyo at mga inuming may caffeine sa loob ng hindi bababa sa 1 oras bago ang iyong pagsusuri
- Iwasan ang anumang mabigat na ehersisyo sa loob ng hindi bababa sa 12 oras bago ang iyong pagsusuri.